

## DOST, patataasin ang kamalayan ng publiko sa SETUP

Ni Kimberly Mae J. Agustin, DOST-STII

**N**agsagawa ang Department of Science and Technology (DOST) ng isang round-table discussion kasama ang mga opisyal ng DOST ng iba't ibang rehiyon para sa pagpapalawak sa kaalaman ng publiko sa proyektong Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP). Ang naturang diskusyon ay ginanap noong 23-24 Agosto 2018 sa B Hotel sa Alabang sa Lungsod ng Muntinlupa.

Dinaluhan ng mga regional director mula sa mga provincial office ng DOST ang pagpupulong. Kabilang din sa mga dumalo sina DOST- Science and Technology Information Institute (STII) Director Richard P. Burgos at si DOST- Region V Director Tomas B. Briñas na humalili kay DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano.

Sa tulong ng Marketing Specialist na si Cristina M. Sabarre, pinag-usapan ang mga ideya ng bawat regional office upang mas mapaingting pa ang proyektong SETUP at higit na makatulong sa mga micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa kani-kanilang lugar. Iprinisinta rin ng mga regional director ang kani-kanilang sariling marketing plan na makakatulong sa mabilisang pagpapalaganap sa publiko ng kaalaman sa SETUP.

sundan sa pahina 2

## Mga Nilalaman

Sampung salitang medikal na may direktang salin sa Filipino..... p3

Ikalawang Roy Shafer Leading Edge Award, nasungkit ng Philippine Science Centrum..... p4

LarawaNews..... p4

## Mga natatanging imbensyon at pananaliksik, tampok sa NICE 2018

Ni Carlo B. Canlas, DOST-STII



Nagbigay ng kaniyang talumpati si IPOPHL Director Josephine R. Santiago sa mga dumalo sa 2018 NICE noong 14 Agosto 2018 sa Le Pavillion Metropolitan Park, Pasay City. (Teksto ni Carlo Canlas, DOST-STII at Larawan mula sa DOST-TAPI).

**I**binida ng Department of Science at Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang mga natatanging imbensyon at pag-aaral sa 2018 National Invention Contest Exhibit (NICE) noong 14-16 Agosto sa Le Pavillion Metropolitan sa lungsod ng Pasay.

Ginaganap ang NICE kada-ikalawang taon kung saan binibigyang pagkilala ang pagkamalikhain ng mga Pilipino sa larangan ng agham at pananaliksik. Layon din nitong bigyang parangal ang mga natatanging imbensyong gawa ng mga Pilipino.

“Technological innovations contribute to business sophistication at market competitiveness in the local at global settings which then drive economic growth, and more importantly, ease the lives of our people in various activities,” wika ni DOST Undersecretary for Regional Operations Brenda L. Nazareth-Manzano sa kanyang talumpati sa pagbubukas ng 2018 NICE.

“NICE has touched and changed the many lives of our Filipino inventors from budding, maybe struggling individuals to powerhouse names in the market, since NICE was launched,” dagdag pa ni Usec. Nazareth-Manzano.

Anim na kategorya ang pinaglabanan ng mga kalahok at ito ay ang sumusunod: Outstanding Invention (Tuklas) Award, Outstanding Utility Model, Outstanding Industrial Design, Outstanding Creative Research (Likha) Award, at Outstanding Creative Research (Sibol) Award.

Iginagawad ang Tuklas Award sa mga natatanging imbensyong nagpakita ng mga potensyal para maibenta sa merkado. Habang ang Outstanding Utility Model at Outstanding Industrial Design naman ay ibinibigay sa mga bagong modelo, katangi-tangi, at orihinal na disenyo sa paggawa.

Ang Likha Award naman ay para sa mga research and development (R&D) kung saan nagpakita rin ng potensyal para malinang pa at kayang makipagsabayan sa ibang teknolohiya.

sundan sa pahina 2

Mga natatanging...

## Mula sa pahina 1

Ang huling parangal naman ay ang Sibol Award na gantimpala para sa mga pambihirang imbasyon o kaya'y mga malikhaing pananaliksik na gawa ng mga mag-aaral na nasa sekondarya at kolehiyo.

Iginiit ni Intellectual Property Office of the Philippines (IPOPHL) Director General Josephine R. Santiago ang kahalagahan ng Intellectual Property (IP) sa mga imbasyon at inobasyon.

"IP is at the core of the Fourth Industrial Revolution as it was in the preceding revolutions because it signifies that the technology consisting of products, processes, improvements, or combination of these, is a solution to a problem in any field," diin ni Santiago.

Masusi ang naging pagsusuri ng mga hukom na silang pumili ng mga nanalo ang bawat kalahok. Nagpunta ang mga ito sa mga booth at nagtanong patungkol sa mga ibensyon at pag-aaral.

Nag-uwi ng Php 300,000.00 ang unang parangal ng Tuklas Award at nakatanggap din ang nanalo ng plaque at certificate of recognition mula sa DOST-TAPI at gintong medalya mula sa World Intellectual Property Office (WIPO) at International Federation of Inventor's Associations (IFIA).

Ang mga nanalo naman sa Likha at Sibol na nagkamit ng unang parangal ay nag-uwi ng Php 100,000.00, plaque at certificate of recognition mula sa DOST-TAPI.

Narito ang kumpletong detalye ng mga nanalo sa 2018 NICE:

### Tuklas Award

- *Unang parangal:* Lamp Primers for White Spot Syndrome Virus ni Dr. Mary Beth B. Maningas at Dr. Benedict A. Maralit
- *Ikalawang parangal:* Veterinary Medical Table ni Aurora A. El Estwani

### Outstanding Utility Model

- *Unang parangal:* Portable Unihoused Water Purification at Sterilization Apparatus ni Engr. Rodrigo P. Duque
- *Ikalawang parangal:* Renewable Resource-Based Biodegradable Thermoplastics ni Dr. Marissa A. Paglicawan, Dr. Blessie A. Basilia, Ma. Teresa V. Navarro, Carlo S. Emolaga, Delmar D. Marasigan, at Rosito P. Cerbito
- *Ikatlong parangal:* A System for Treatment of Municipal Solid Waste ni Genovevo C. Sebastian

### Outstanding Industrial Design

- *Unang parangal:* Interlocking Block (Ecoblock) ni Justino R. Arboleda
- *Ikalawang parangal:* Bani Chair ni Romulfo C. Sanchez
- *Ikatlong parangal:* Multi-Purpose Chair-Table with Lamp Designer ni Vito Angelo D. Selma

### Likha Award

- *Unang parangal:* Impeller Compact Ricemill ni Dr. Michael A. Gragasini at Dr. Romualdo C. Martinez
- *Ikalawang parangal:* Development at Utilization of Actinomycetes as Biocontrol Agents against Panama Wilt-Causing Fusarium oxysporum TR4 in Cavendish Banana (ACTICon) ni Irene A. Papa at Teofila O. Zulaybar
- *Ikatlong parangal:* Nanoscaled Polyaniline Films for Smart Packaging Application ni Dr. Joel G. Fernato

### Sibol Award for College

- *Unang parangal:* Flame Emission Photometric Determination of Iron via Digital Imaging-Based Detection ni Satra Mei M. Branzuela of Pamantasan ng Lungsod ng Maynila
- *Ikalawang parangal:* Façade-Integrated Fog Collector: A Supplementary Residential Water ni Jireh Grace E. Pihoc, John Carlo G. Marquez, Jayarr N. Urbano, Sydneyton Barri P. As-IL, Julienne Cristy D. Saliwan, Micah Joy A. Baldonado, at Reina Joy H. Alip ng Saint Louis University
- *Ikatlong parangal:* Electronic Mosquito (Culicidae) Repellent Bracelet ni Kenny Waller C. Diolala ng Notre Dame Kidapawan College

### Sibol Award para sa Sekondarya

- *Unang parangal:* Pectin-Carboxymethyl Cellulose Biocapsule for Potential Colon-Targeted Oral Drug Delivery ni Felix Arthur C. Dioso, Jeremae Aira M. Moderno, at Coleen A. Quirim ng Philippine Science High School – Southern Mindanao Campus
- *Ikalawang parangal:* PinDOT: Low-Cost Arduino-Based Braille Printer ni Xyz Phoelane Beth-Amiel C. Dagum, Ysadell V. Bernardo, Bea May Clarisse A. Taccoro, at Ericka Michelle L. Factor ng Philippine Science High School – SOCCSKSARGEN Region Campus
- *Ikatlong parangal:* Antidiabetic at Antioxidant Tea from Garcinia binucao (Batuan) Leaf and Fruit ni Leann Patrice A. Ganzon at Anne Nicole Occeña ng Iloilo National High School – Special Science Class

(Impormasyon mula kay Jund Rian A. Domingo, DOST-TAPI).

## Editorial Board

**RODOLFO P. DE GUZMAN**

Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**

Managing Editor

**JAMES B. INTIA**

Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**

Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**

Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

*DOST, patataasin ...*

### Mula sa pahina 1

Sa pinakahuling survey na iniulat ng Social Weather Station (SWS) noong Abril 2018, lumalabas na 5% lamang sa populasyon ang nakakarinig o nakakaalam sa SETUP. Ayon din sa resulta ng suvey, ang mga prioridad ng programa ng Class E at mga tao sa rural areas ang pinakakaunti ang kaalaman sa SETUP.

Ang SETUP ay isang programa ng DOST na naglalayong tulungan ang mga maliliit na negosyo sa bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal at pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya sa pagpaparami ng produksyon. Ang round-table discussion ay pinangunahan ng DOST-STII para sa paghahanda ng mga regional offices sa malawakang pagpapalaganap ng SETUP.



Si Cristina M. Sabarre, isang marketing expert, ay nagpaliwanag ng wastong paggawa ng brand plan upang magamit sa pagpapalawig ng kaalaman ng publiko sa SETUP


# Sampung salitang medikal na may direktang salin sa Filipino

Ni Reuben Andrew R. Razal, DOST-PCHRD

**N**akikiisa ang Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD) sa selebrasyon ng Buwan ng Wika na may temang “Filipino: Wika ng Saliksik.” Bilang pangunahing ahensya ng Kagawaran ng Agham at Teknolohiya na nangangasiwa sa pananaliksik sa larangan ng kalusugan, hinihikayat ng Konseho ang pagpapalawig ng paggamit at pagtangkilik ng wikang pambansa sa pananaliksik, hindi lamang tuwing buwan ng wika, kung hindi pati na rin sa pang-araw-araw na kagamitan.

At bagamat mas nakararami ang mga nailimbag na saliksik na nakasulat sa wikang Ingles, mayroon pa ring mga mananaliksik na naglilimbag sa Filipino, tulad na lamang ng ilang saliksik na matatagpuan sa HERDIN, ang pambansang repositoryo ng saliksik sa kalusugan.

Kaakibat ng pagtangkilik sa mga saliksik na sinulat at nailimbag sa wikang Filipino, nais din ng ahensya na palawigin ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng ilang direktang salin ng mga salitang agham at medikal tulad ng:

 **1. Haynayan** – biology; isang natural na agham na nauukol sa pag-aaral ng buhay at mga nabubuhay na organismo

- Mikhaynayan – microbiology; isang natural na agham ukol sa pag-aaral sa miktataghay o microorganism
- Mulatling Haynayan – molecular biology; pagaaral ng mga istruktura at tungkulin ng mulatil o molecule sa mga nabubuhay na organismo

*Halimbawa: Bata pa lamang ay paborito na ni Jose ang haynayan, at ngayon, isa na siyang palabaga na naimbita na magsalita sa susunod na Philippine National Health Research System Week.*



**2. Palapuso** – cardiologist; isang dalubhasa ng palapusuan o cardiology

- Palabaga – pulmonologist; isang dalubhasa ng palabagaan o pulmonology
- Paladiglap – radiologist; isang dalubhasa ng paladiglap o radiology

*Halimbawa: Nakuha mo na ba ng resulta ng iyong rayos-ekis sa paladiglap?*



**3. Kagaw** – germ; mga miktataghay na nagdudulot ng sakit

*Halimbawa: Karamihan ng patalastas sa telebisyon ngayon tungkol sa alkohol ay nangangako na pupuksa sa siyamnapu't siyam na puryento ng mga kagawa.*



**4. Sihay** – cell; ang pinakapayak na kayarian ng mga buhay na organismo

*Halimbawa: Isinali ni Melchor ang kanyang saliksik tungkol sa hatimbutod o mitosis ng mga sihay sa susunod na National Medical Writing Workshop na gaganapin sa Zamboanga.*



**5. Muntlipay** – platelet; mga selula o sihay na may mahalagang papel sa pagpagaling ng mga sugat na dumadaan sa daluyan ng

dugo

*Halimbawa: Nalaman nilang may dengue si Maria nang magpositibo siya sa resulta ng Biotek-M Dengue Aqua kit, at nalaman ding bumabagsak na ang bilang ng kanyang muntlipay.*



**6. Kaphay** – plasma; isang bahagi ng dugo na ang pangunahing trabaho ay ang transportasyon ng mga ensyma, nutrisyon, at hormona

*Halimbawa: Itinuturing ng World Health Organization ang kaphay ng dugo na kabilang sa listahan ng mga pinakaimportanteng gamot na kailangan sa isang matagumpay at organisadong sistemang pangkalusugan.*



**7. Iti, daragis, balaod** – tuberculosis; impeksyon sa baga na nagmumula sa isang uri ng ishay o bacteria, ang Myobacterium tuberculosis

*Halimbawa: Ang TB-Fit ay isang programang naglalayong subaybayan ang mga kaso ng iti sa mga komunidad upang makagawa ng sistematikong solusyon sa deteksyon ng naturang sakit.*



**8. Sukduldiin, altapresyon** – hypertension; isang medikal na kondisyon kung saan ang presyon ng dugo sa mga malaking ugat ay labis na mataas

*Halimbawa: Ayon sa pagaaral ng Unibersidad ng Pilipinas-Maynila, may malaking papel ang hene o genes sa pagkakaroon ng karamdaman tulad ng altapresyon, sakit sa puso, at dyslipidemia.*



**9. Mangansumpung** – arthritis; ang pamamaga sa mga kasu-kasuan na nagiging sanhi ng kawalan ng kakayahang maiunat o

maibaluktot at paninigas ng bahaging ito  
**Piyo** – Gout; isang uri ng mangansumpung o rayuma na dulot ng abnormal na metabolismo ng uric acid.

*Halimbawa: Ayon sa Philippine Rheumatology Association, noong 2015, mahigit kumulang 1.6 milyong Pilipino ang may piyo na labis na nakakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.*



**10. Balinguyngoy** – nosebleed; pagdurugo ng ilong

*Halimbawa: Madalas na sinasabi na nagdudulot ng balinguyngoy ang labis na pagsasalita ng Ingles, pero sa katotohanan, ang pagkatuyo ng baman o membrane sa loob ng ilong ang kadalasang sanhi nito.*

Ngayong buwan ng wika, layon ng ahensya na patuloy na paigtingin ang paggamit at pagtangkilik sa sariling atin. Bagamat ang paggamit ng Ingles sa pananaliksik ay daan para mas maintindihan tayo ng mga banyaga, ang paggamit ng Filipino ay nakakatulong na maiparating ang mensahe at resulta ng ating trabaho sa mga payak na mamamayan. Kaya sa pagpapamuhay ng temang “Filipino: Wika ng Saliksik,” nawa’y patuloy nating mapagtibay ang ating layunin na makamit ang mas mabuti at mas produktibong kalusugan para sa lahat ng Pilipino!



# Ikalawang Roy Shafer Leading Edge Award, nasungkit ng Philippine Science Centrum

Ni Carlo B. Canlas, *DOST-STII*

**S**a ikalawang pagkakataon, kinilala ulit ng prestihiyosong Roy Shafer Leading Award ang Philippine Science Centrum para sa kanilang proyektong Science Works! upang ipalaganap ang kaalamang pang- agham sa mga liblib na lugar sa Mindanao. Gaganapin ang paggawad ng parangal sa taunang conference ng Association of Science –Technology Centers (ASTC) sa Harford, Connecticut mula ika-29 ng Setyembre 2018 hanggang ika-2 ng Oktubre 2018.

Tatanggapin ni Philippine Science Centrum Executive Director May M. Pagsinohin ang parangal.

Iginagawad ang Leading Edge Award for Visitor Experience para sa mga science centrum o mga museo na pagmamayari ng isang institusyon na miyembro ng ASTC na mayroong malikhain at epektibong paraan sa pagbabahagi ng kaalaman sa agham at nag- iiwan ng marka sa mga bisita nito.

Ayon sa ASTC, ang nanalang proyekto ng Science Centrum ay nagpalaganap ng pagkakapantay-pantay at pagkakabuklod sa STEM sa mga lugar na biktima ng giyera sa Mindanao.

Noong 2011, kinilala na rin ng Roy Shafer Leading Edge Award for Business Practice ang Science Centrum para sa kanilang



ginanap ang Science Works! exhibit sa Municipal Gymnasium, Villanueva, Misamis Oriental mula 23 Agosto hanggang 27 Setyembre 2018. (Larawan mula sa LGU Villanueva Facebook post).

pagpupursigang maibangon ang museo mula sa mapaminsalang baha dulot ng Bagyong Ondoy na siyang sumira sa buong museo. Sa loob lamang ng 24 oras, nakapagplano agad ang Science Centrum ng fund raising campaign na tinawag na Project 926.

Layon ng Project 926 na makalikom ng pondo upang mapanumbalik ang dating ganda ng Science Centrum, at sa loob lamang ng anim na linggo, muling binuksan ang Science Centrum at matagumpay na napanumbalik ang dati nitong hitsura makalipas lamang ang apat na buwan.

Ang Roy Shafer Leading Edge Awards ay idinaraos taon-taon upang bigyang pagkilala ang mga institusyong nagkamit ng progreso sa kanilang science centers at museo. Ito rin ay isang paggunita kay Roy Shafer, dating pangulo ng ASTC na tumulong sa asosasyon sa pagbuo ng mission, strategic plan, at core values.

Isang organisasyon ang ASTC na nagbibigay suporta at oportunidad sa mga science center, museo, at mga institusyon na nagpapalaganap ng kaalaman at kamalayang pang- agham sa publiko.

## LarawaNEWS

Panauhing pandangal sina 2017 Breakthrough Junior Challenge at dating mag-aaral ng Philippine Science High School Hillary Diane A. Andales (dulong kanan), Miss Earth 2017 Karen S. Ibasco (gitna), at University of the Philippines Assistant Professor Engr. Myra Ruth S. Pobleto (kaliwa) sa pagtatapos ng Women Inspiring Women Forum na ginanap sa Philippine International Convention Center sa Lungsod ng Pasay, ika-16 ng Agosto 2018. Ang forum ay pinangunahan ng Department of Science and Technology-Science Education Institute (DOST-SEI), na nagbigay daan para ibahagi ng tatlong naging iskolar ng DOST ang kani-kanilang mga karanasan bilang babae sa larangan ng siyensya at teknolohiya. Hinikayat din nila ang mga estudyanteng dumalo sa pagtitipon na kumuha ng kurso mula sa Science and Technology, Engineering, and Mathematics (STEM). Nilalayan din nitong ipamulat na hindi batayan ang kasarian sa larangang nais nilang tahakin, lalo na para sa mga babaeng mag-aaral. (Teksto ni Kimberly Mae J. Agustin at Larawan ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII) (Impormasyon mula kay Laurence M. San Pedro, DOST-STII).

